# Mayroong dalawang babae at kasama nila ang dalawang anak nila,Dumating ang Lobo at at tinangay niya ang isa sa anak nilang dalawa.Ang sabi nang may-ari nito,Tunay na ang tinangay nito ay ang anak mo,At ang sabi naman ng iba; Tunay na ang tinangay nito ay ang anak mo,Nagpahatol silang dalawa kay Propeta Dawūd-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ibinigay niya ang karapatan sa nakakatanda.

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfuo-:Mayroong dalawang babae at kasama nila ang dalawang anak nila,Dumating ang Lobo at at tinangay niya ang isa sa anak nilang dalawa.Ang sabi nang may-ari nito,Tunay na ang tinangay nito ay ang anak mo,At ang sabi naman ng iba; Tunay na ang tinangay nito ay ang anak mo, Nagpahatol silang dalawa kay Propeta Dawūd-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ibinigay niya ang karapatan sa nakakatanda,Pumunta silang dalawa kay Propeta Sulaimān bin Dawūd-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ibinalita nilang dalawa ito,Nagsabi siya: Bigyan ninyo ako ng kutsilyo at hihiwain ko (ang bata) sa pagitan nilang dalawa.Nagsabi ang nakakabata: Huwag mong gawin! Kaawaan ka ni Allah,siya ay Anak niya.At ibinigay niya ang karapatan sa nakakabata.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ng Propeta natin-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kwento ng dalawang babaeng lumabas kasama ang dalawang anak nila.Kinain ng Lobo ang anak ng isa sa kanila.at ang natira ay ang anak ng iba,Nagsabi ang bawat isa sa kanilang dalawa;Tunay na ito ay sa akin,Nagpahatol silang dalawa kay Propeta Dawūd-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ibinigay niya ang karapatan sa nakakatanda sa kanilang dalawa,bilang pagsusumikap rito;Sapagkat ang nakakatanda siguro ay tunay na tumugil na sa panganganak,Ngunit ang nakakabata ay nasa murang edad pa at manganganak pa ng iba rito sa hinaharap,Pagkatapos ay pumunta silang dalawa kay Propeta Sulaimān -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dala Ang anak nito,at ibinalita nilang dalawa ang balita na ito sa kanya,at humiling siya ng kutsilyo,at sinabi niya: hihiwain ko sa inyong dalawa ito ng dalawang hati.Ang nakakatanda ay pumayag ngunit Ang nakakabata ay tumanggi,at sinabi niya na ito ay Anak ng nakakatanda,napagtanto niya ng awa at habag dahil ito ay tunay na

anak niya,kaya't nagsabi siya: Ito ay Anak niya O Propeta ni Allah,kaya't ibinigay niya ang karapatan sa nakakabata dahil sa patunay at katibayan na pagiging habag niya sa sanggol,at sinasabi niya na;ito ay pagmamay-ari ng nakakatanda,at Ang manatili itong buhay ay mas magaan sa paghiwa rito ng dalawang hati,kaya't ibinigay niya ang karapatan sa nakakabata.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3120

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee